
2

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 5: Pagsunod sa Panuto




ALTERNATIVE DELIVERY MODE


PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 5: Pagsunod sa Panuto**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Cristina T. Fangon

**Editor:** Elena V. Almario, Cita C. Merla, Marie Ann C. Ligsay PhD

**Tagasuri:** Marcela S. Sanchez, Racy V. Troy, Marie Ann C. Ligsay PhD

**Tagaguhit:** Jeanette H. Payson, Lynzee Monta

**Tagalapat:** Cristina T. Fangon

**Tagapamahala:** Nicolas T. Capulong PhD, CESO V
Librada M. Rubio PhD
Ma. Editha R. Caparas EdD
Nestor P. Nuesca EdD
Merlinda T. Tablan EdD
Ellen C. Macaraeg EdD
Elena V. Almario

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng** ________________________________

**Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III**
Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 8
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

# 2

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 5:
## Pagsunod sa Panuto

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Pagsunod sa Panuto!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag- aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Filipino 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Pagsunod sa Panuto!

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o gawain upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutan ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## Alamin

Pagkatapos ng aralin, ikaw ay inaasahang makasusunod sa nakasulat na panutong may 1 - 2 at 3 - 4 na hakbang.

## Subukin

Panuto: Gawin ang panutong ibinigay. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

A. Gumuhit ng araw. Kulayan ito ng dilaw.

B. Isulat ang iyong pangalan gamit ang malalaking letra.

C. Gumuhit ng dalawang magkatabing bituin. Kulayan ng pula ang unang bituin.
Kulayan naman ang pangalawang bituin ng dilaw.

D. Gumuhit ng isang sobre. Sa tabi nito, gumuhit ka ng isang lapis.

E. Isulat ang salitang **salamat**. Guhitan ito ng isang beses.

# Aralin 5 Pagsunod sa Panutong may 1-4 na Hakbang

Tayong mga Pilipino ay kilala sa napakaraming magagandang katangian. Isa sa mga katangiang ito na talaga gusto ng lahat ay ang pagiging masunurin lalo na ng isang batang katulad mo.

May kabutihan bang dulot ang pagiging masunurin?

‘Yan ang ating tatalakayin ngayon sa ating aralin.

## *Balikan*

Panuto: Lagyan ng tsek (✓) ang nagsasabi ng lokasyon.

_____1. itaas ng puno

_____2. ilalim ng mesa

_____3. kama at upuan

_____4. loob ng bahay

_____5. mabangong bulaklak

# *Tuklasin*

Marunong ka bang sumunod sa ipinag-uutos sa iyo? Alam mo ba kung bakit dapat kang sumunod? Ano nga ba ang maaaring mangyari sa iyo kung hindi ka marunong sumunod sa ibinigay na panuto?

Tara, alamin natin ang mga kasagutan sa mga tanong na sa ating kuwento.

## Dapat Pala

Akda ni Cristina T. Fangon



Si Nicole ay nasa ikalawang baitang, katulad din siya ng ibang bata na medyo may kakulitan.

Minsan ay isinama ni Aling Marta si Nicole sa pamilihan dahil na rin sa pagpupumilit nito. "O sige, isasama kita subalit kailangan mong sumunod sa akin," ang sabi ng ina. "Pangako po," tugon niya.

“Huwag na huwag kang hahawak ng kahit anong bagay sa palengke, dapat ay lagi kang nasa tabi ko at nakahawak sa akin. Huwag ka ring aakyat sa ibabaw ng mga upuan at susuot sa ilalim ng mga mesa, matapos
nating mabili ang lahat ay ibibili kita ng manika,”
mahabang paliwanag ng ina. “Talaga po Nay, sige po,”
tugon ng bata.

Pagdating sa pamilihan (,) ay nakalimutan na ni Nicole ang pangako sa ina. Akyat dito, suot doon. Hawak dito, hawak doon. Takbo dito, takbo doon ang kanyang ginawa. Napabuntong-hininga na lamang si Aling Marta.

Matapos mabili ang lahat ay tuloy-tuloy na lumabas ng pamilihan ang mag-ina. “Nay may nakalimutan po
kayo, yung manika ko po,” paalala ni Nicole.

Tumingin sa kanya nang seryoso ang ina at sinabi
“Hindi ako ang nakalimot, hindi mo ba naalala ang mga
ibinilin ko sa iyo?” seryosong sagot nito.

Walang nagawa si Nicole kundi tumahimik dahil alam niyang galit ang ina. “Dapat pala sumunod ako,” bulong niya sa sarili.



## *Suriin*

Ang pakikinig at pagsunod sa sinasabi sa atin ay napakagandang pag-uugali na kayang-kaya mong gawin, hindi ba? Tara, balikan natin ang ating kuwento.

<u>Panuto</u>: Sagutin ang sumusunod na tanong.

1. Sino ang bata sa ating kuwento? ____________________________

   ________________________________________________________
2. Ano ang katangian ni Nicole?______________________________

   ________________________________________________________
3. Kung ikaw si Nicole, susundin mo ba si Nanay? Bakit?

   ________________________________________________________

   ________________________________________________________
4. Ano kaya ang maaaring mangyari kay Nicole sa pagtakbo niya sa loob ng palengke? _______________

   ________________________________________________________
5. Ano-ano ang mga panuto o utos nabasa mo sa kuwento? _____

   ________________________________________________________

   ________________________________________________________
6. Ano-ano ang mga salitang tumutukoy sa lokasyon?

   ________________________________________________________

   ________________________________________________________
7. Bakit mahalagang sumunod sa panuto? ____________

   ________________________________________________________



***Mga Tala para sa Guro***

Gabayan ang mag-aaral na masunod nang wasto ang mga Pinatnubayang Pagsasanay at Pagtatasa.

# *Pagyamanin*

## Pinatnubayang Pagsasanay 1

Panuto: Sundin ang panuto sa bawat bilang.

1. Isulat ang × at ikahon ito.
2. Isulat ang iyong buong pangalan.
3. Gumuhit ng kalahating bilog na nakataob at kulayan ito ng itim
4. Gumuhit ng 2 arrow na nakaturo sa itaas.
5. Isulat ang bilang na isa hanggang sampu, siguraduhing may pagitan ang bawat bilang.

## Pinatnubayang Pagtatasa 1

Panuto: Sundin ang panuto sa bawat bilang.

1. Gumuhit ng isang araw, sa ibaba ay gumuhit ng isang buwan na may kasamang bituin.
2. Gumuhit ng isang bilog at tatsulok. Lagyan ito ng guhit sa ilalim.
3. Gumuhit ng larawan ng isang babae at lalaki. Kulayan ito ng itim.
4. Isulat ang salitang **tama** at gumuhit ng tsek ✓ sa tabi nito. Sa ibaba ay isulat ang salitang **mali** at sa tabi ay iguhit ang ekis ×
5. Gumuhit ng isang bilog. Lagyan ito ng tuldok sa loob.

## Pinatnubayang Pagsasanay 2

Panuto: Isulat ang **T** kung tama o dapat ugaliin ang isinasaad sa bawat pangungusap at **M** kung mali.

______1. Ang pagsunod sa panuto ay may magandang maidudulot sa atin.

______2. Maraming matutuwa sa akin kung ako ay matututong sumunod.

______3. Susunod ako sa panuto nang may buong pang- unawa.

______4. Susunod lamang ako kung ako ay bibigyan ng pera.

______5. Hindi ko pakikinggan ang nagbibigay ng panuto.

## Pinatnubayang Pagtatasa 2

Panuto: Lagyan ng ✓ kung ito ay isa sa mga dapat gawin upang makasunod sa nakasulat o nabasang panuto at **x** kung hindi.

1. Basahing mabuti ang panuto.

______2. Gawin ang panuto kahit hindi pa ito nababasa ng buo.

2. Sundin lamang ang unahan ng panuto.

3. Unawaing mabuti ang nabasang panuto.

______5. Sundin ang panuto ayon sa hakbang ng pagkakasunod-sunod nito.

## Malayang Pagsasanay 1

Panuto: Pag-aralan ang mga larawan. Lagyan ng bilang 1-4 ang larawan upang masunod ang mga panuto sa sitwasyon.


Sitwasyon:

Araw ng Sabado, maagang umalis si Aling Minda para magtinda sa palengke. Nag-iwan siya ng nakasulat na mensahe para sa kanyang anak. Nakalagay ito sa lamesita na nasa bandang ulunan ng tulugan ng bata.


Nakasulat din dito na babalik agad ang ina. Narito

ang nakasulat:

1. Magdasal ka.
2. Ligpitin mo ang iyong pinaghigaan.
3. Kumain ka ng almusal na iniwan ko sa lamesa at iligpit ito pagkatapos.
4. Maligo ka para maging mabango at malinis.



______



______



______




______


## Malayang Pagtatasa 1

Panuto: Pag-aralan ang mga larawan. Lagyan ng bilang 1-4 ang larawan upang masunod ang bawat hakbang ng panuto.


1. Kumuha ng isang plorera at lagyan ito ng tubig.
2. Pumitas ng 3 bulaklak na may tangkay.
3. Ilagay ang mga bulaklak sa plorera.
4. Ipatong ang plorera sa mesa.



_______



_______



_______



_______

## Malayang Pagsasanay 2

Panuto: Pag-aralan ang larawan. Bilugan ang letra ng wastong panuto ayon sa larawan.

1. 


A. Isuot ang bag at sombrero.

B. Hawakan ang bag at sombrero.

2. 

A. Magmano sa lola.

B. Magmano sa lolo.

3. 

A. Tawagin ang kaibigan at maglaro ng habulan

B. Tawagin ang kaibigan at makipagkuwentuhan

4. 

A. Ngumiti at kumaway

B. Tumayo at magsayaw

5. 

A. Buhatin ang manika.

B. Buhatin ang regalo.

## Malayang Pagtatasa 2

Panuto: Basahin at sundin ang panuto.

- Sa itaas na bahagi ng sagutang papel ay isulat ang iyong buong pangalan.
- Bakatin ang iyong kaliwang kamay.
- Gumuhit ng masayang mukha sa bahagi ng palad.
- Kulayan ng dilaw ang masayang mukha.

## *Isaisip*

A. Panuto: Punan ng tamang salita ang patlang upang mabuo ang kaisipan. Piliin ang tamang sagot sa loob ng kahon.

| | | |
|---|---|---|
| sundin | lokasyon | panuto |

Ang _____________ ay ang pagbibigay ng direksyon at tagubilin na dapat _____________ sa pagsasagawa ng mga gawain. Maaaring gumamit ng mga salitang nagsasaad ng _____________ tulad ng itaas, ibaba, tabi, likod, harap at gillid upang higit na maging malinaw ang pagbibigay ng panuto.

Halimbawa:

Ilapag ang lapis sa ibabaw ng mesa.

Hintayin mo ako sa tapat ng aming bahay.

Upang makasunod sa panutong may 1 hanggang 4 na hakbang dapat nating tandaan ang sumusunod:

- Pakinggan o basahin at intindihing mabuti ang buong panuto.
- Upang hindi malito, gawin muna ang unang hakbang ng panuto bago gawin ang susunod pang mga hakbang.

B. Panuto: Buuin ang kaisipan.

Mahalaga ang pagsunod sa panuto upang

______________________________________________________________

______________________________________________________________.

## *Isagawa*

Panuto: Gawin ang panuto sa iyong sagutang papel.

1. Gumuhit ng isang bilog. Sa loob nito ay gumuhit ng isang malaking bituin. Kulayan ng itim ang labas na bahagi ng bituin. Siguraduhing makukulayan ang lahat ng bahagi nasa labas ng bituin.
2. Isulat ang bilang na **4** at bilugan ito.
3. Isulat ang pangalan ng iyong matalik na kaibigan at guhitan ito.
4. Gumuhit ng masaya at malungkot na mukha.
5. Gumuhit ng bola sa ilalim ng mesa.

# *Tayahin*

Panuto: Gawin ang panuto sa iyong sagutang papel.

1. Gumuhit ng larawan ng pamilya kasama sina nanay, tatay, kuya, ate at bunso. Kulayan ng pula si bunso.

2. Gumuhit ng tatlong bulaklak at isang paruparo. Kulayan ng dilaw ang mga bulaklak.

3. Gumuhit ng isang lobo, kulayan ito ng pula. Isulat sa loob ng lobo ang bilang na 1. Gumuhit ng bituin sa bawat sulok ng kahon.

4. Gumuhit ng isang kahon, isulat sa gitnang bahagi ang salitang **saya**. Iguhit ang masayang mukha ☺ pagkatapos nito.

5. Gumuhit ng isang kotse. Kulayan ito ng ube o lila.

## *Karagdagang Gawain*



Panuto: Gawin ang panuto.

- Gumuhit ng ulap
- Kulayan ito ng bughaw.
- Isulat ang salitang **Filipino ako** sa loob ng ulap.
- Gumuhit ng 3 ibon na lumilipad sa ilalim ng ulap.

# Susi sa Pagwawasto

| Subukin | Balikan | Suriin |
|---|---|---|
| 1. ☼<br>2. JUAN (pangalan ng magaaral)<br>3. ☆☆<br>4. ✉✎<br>5. <u>salamat</u> | 1. ✓<br>2. ✓<br>3. ×<br>4. ✓<br>5. × | 1. Nicole<br>2. makulit<br>3. opo, para hindi po magalit si Nanay (at ibili ako ng manika)<br>4. madadapa/madudulas<br>5. – Huwag hahawak ng kahit ano sa pamilihan, dapat nasa tabi lang at nakahawak sa nanay. – Huwag aakyat sa ibabaw ng upuan at lulusot sa ilalim ng mesa.<br>6. Tabi, ibabaw, ilalim<br>7. Para po di mapagalitan at hindi mapahamak. |

**Pagyamanin**

| Pinatnubayang Pagsasanay1 | Pinatnubayang Pagtatasa 1 | Pinatnubayang Pagsasanay 2 | Pinatnubayang Pagtatsa 2 |
|---|---|---|---|
| 1. ☒<br>2. Juan Dela Cruz (pangalan ng mag-aaral)<br>3. ◓<br>4. ⇧⇧<br>5. 1 2 3 4 5 6 7 8 9 10 | 1. ☼ ☪<br>2. ○△<br>3. 🚹 🚹<br>4. tama✓ mali×<br>5. ⊙ | 1. T<br>2. T<br>3. T<br>4. M<br>5. M | 1. ✓<br>2. ×<br>3. ×<br>4. ✓<br>5. ✓ |
| **Malayang Pagsasanay 1**<br>4 2<br>1 3 | **Malayang Pagtatasa 1**<br>3 2<br>4 1 | **Malayang Pagsasanay 2**<br>1. A<br>2. B<br>3. B<br>4. A<br>5. B | **Malayang Pagtatasa 2**<br>Juan Dela Cruz (pangalan)<br> |
| **Isaisip**<br>karanasan<br>pag-uugnay<br>maunawaan<br>tanong<br>teksto | **Isagawa**<br>1. ✪<br>2. ④<br>3. <u>Pedro</u> (pangalan ng matalik na kaibigan)<br>4. ☺☹<br>5.  | **Tavahin**<br> | **Karagdagang Gawain**<br> |

## *Sanggunian*

Garcia, Nilda S., Jackelyn F. Aligante, Melany B. Ola, Aida J. Cruz, Erlinda B. Castro, Virginia C. Cruz, Matilde N. Padalla, Galcoso C. Alburo, and Estrella C. Cruz. 2013. *Ang Bagong Pinoy Filipino 2 Kagamitan Ng Mag-aaral*. Pilipinas: Rex Book Store Inc.

Garcia, Nilda S., Jackelyn F. Aligante, Melany B. Ola, Aida J. Cruz, Erlinda B. Castro, Virginia C. Cruz, Matilde N. Padalla, Galcoso C. Alburo, and Estrella C. Cruz. 2013. *Ang Bagong Pinoy Filipino 2 Patnubay ng Guro*. Pilipinas: Rex Book Store Inc.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph